# Seguridad ng sasakyan

Karamihan ng mga pagnanakaw ng kotse ay oportunistang gawain at may ilang bagay kang magagawa upang mabawasan ang panganib na manakaw o malooban ang iyong sasakyan.



**Kung may kasalukuyang krimen na nangyayari, tawagan ang Tripleng Zero (000).**

**Kung hindi naman, isaisip ang Policelink 131 444
o mag-report online
o sa pamamagitan ng Policelink app.**

**Hanapin kami sa**

**www.police.qld.gov.au**

Para sa mga balita at mga abiso mag-sign up (sumali) sa **myPolice.qld.gov.au**

**/queenslandpolice**

**@qldpolice**

**@qldpolice**

Lisensya ng URL: http://creativecommons.org/licenses/by/4.0/legalcode
Mangyaring magbigay ng atribusyon sa: © Estado ng Queensland (Serbisyo ng Pulisya ng Queensland) 2019

## Ano ang magagawa mo

- Hangga't maaari, iparada ang iyong sasakyan sa mga lugar na may sapat na liwanag at madaling makita.
- Hangga't maaari, gamitin ang paradahan sa labas ng kalye o sa secure na paradahan.
- Kapag pumaparada sa garahe, tiyakin na ang garahe at sasakyan ay nakakandado at ang mga remote sa pinto ng garahe ay secure.
- Iwasang imarka sa iyong mga susi ang mga detalye ng iyong pagkatao o sasakyan tulad ng pangalan, numero ng telepono o rehistro ng sasakyan.
- Pag-isipang magkabit ng alarma sa kotse o kandado sa manibela upang maprotektahan ang iyong sasakyan.
- Gumamit ng maikakandadong mga aparato upang mapanatiling secure ang iyong sasakyan kabilang ang nakakandaduhang mga fuel cap, mga wheel nut, mga takip ng spare tyre at mga roof rack.
- Pag-isipan ang pagkakabit ng remote engine immobiliser na tumutugon sa mga pamantayan ng Australya.
- I-secure ang iyong mga plaka ng rehistro (registration plates) gamit ang mga tornilyo na kontra-nakaw.
- Pag-isipang magkabit ng GPS tracker sa iyong sasakyan.

## Maging kagawian ngayon ang pagkakaroon ng mabuting sasakyan at pangunahing seguridad.

- Laging ikandado ang iyong sasakyan, pati ang bahaging likuran (boot) at lagusan ng araw (sunroof), at tandaan na isara nang mabuti ang lahat ng mga bintana.
- Laging itabi ang iyong mga susi malayo sa paningin ng iba at huwag kailanman iwan ang mga susi ng sasakyan sa mga mesa, sa mga bangko, sa mga mesang katabi ng kama o sa mga sabitan ng susi.
- Alisin ang mga susi mula sa ignisyon at ikandado ang iyong sasakyan kung ito ay nakaparada o walang bantay, kahit na isang minuto lamang.
- Huwag itago ang ekstrang mga susi sa loob ng sasakyan - alam ng mga magnanakaw kung saan maghahanap.
- Alisin ang lahat ng mga mamahaling bagay at personal na mga gamit kapag iiwan ang iyong sasakyan nang walang bantay, o tiyakin na hindi sila madaling makita.
- Laging dalhin ang mga susi ng iyong sasakyan sa tuwing lalabas ka, kahit na iiwan mo ang iyong sasakyan sa bahay.

Queensland Government